

Piraso ng Tip sa Kaligtasan ng Dyanitor

Isang serye ng mga tip sa kalusugan at kaligtasan upang maiwasan ang mga pinsalang nauugnay-sa-trabaho sa dyanitor na industriya



Layunin sa tip sheet na ito na magbigay ng maikling pangkalahatang-ideya tungkol sa mga paksa sa Ligtas na Pamumuno na iniaalok namin. Kung magkakaroon ng mga tanong hinggil sa impormasyon sa ibaba, mangyaring magpadala ng email sa amin, ikalulugod naming malaman ang iyong pananaw.

Ano ang Ligtas na Pamumuno?

- Isang kolaboratibong pagsisikap para maisaprioridad ang kaligtasa sa lugar ng trabaho sa pagitan ng:

Employer > Pamunuan > Empleyado

- Namumukod-tangi ang mga lider para sa kaligtasan sa pamamagitan ng pag-iimpluwensya sa iba na sumunod sa mga pangkaligtasang hakbang.
- Ipinapakita ang mga ito sa pamamagitan ng mga patakaran, pamamaraan, at kasanayan.
- Kung isasagawa, ang ligtas na pamumuno ay bumubuo ng kultura sa trabaho na may iisang mithiin at pagpapahalaga para sa kaligtasan.

| Employer | Manager/Supervisor | Empleyado |
|--|--|--|
| <ul style="list-style-type: none"> Nagpapakita ng dedikasyon: Ipinapahayag ang kaligtasan bilang isang pagpapahalaga ng kumpanya, nagbibigay ng mga patakaran sa kaligtasan, mga mapagkukuna, pagsasanay, at kagamitan sa kaligtasan, nagpapayo sa mga manager at supervisor para itaguyod ang kaligtasan. <p>Halimbawa: Ang kumpanya ay nagsasanay ng mga bagong empleyado tungkol sa mga patakaran sa kaligtasan at nagbibigay ng madaling access sa mga ito.</p> | <ul style="list-style-type: none"> Nagpapakita ng dedikasyon: Nagpapahayag ng kaalaman sa kaligtasan, patas na nagpapatupad sa mga patakaran sa kaligtasan, nagpapayo sa mga kawani na gumamit ng mga ligtas na pamamaraan at kasanayan. Nakikinig sa mga alalahanin sa kaligtasan ng mga kawani. <p>Halimbawa: Isinasaprioridad ng supervisor ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapalit ng may sakit na empleyado, sa halip na paghiling sa kawani na balewalain ang posibleng pinsala dahil kundisyon sa trabahong kulang sa tao.</p> | <ul style="list-style-type: none"> Nagpapakita ng dedikasyon: Nagpapahayag ng mga alalahanin sa kaligtasan sa supervisor, sumusunod sa mga patakaran at kasanayan sa kaligtasan, at sumusuporta sa kaligtasan ng kasamahan sa trabaho. <p>Halimbawa: Kumikilos ang empleyado bilang mahusay na bahagi ng team sa pamamagitan ng pagdudulog ng mga pangangailangan at alalahanin sa kaligtasan, at pakikipagtulungan kapag hiningan o humihingi ng tulong kapag kinakailangan.</p> |

Mga Katangian ng Ligtas na Pamumuno

Pamunuan (supervisor)

Suportahan ang boses ng kaligtasan ng manggagawa sa pamamagitan ng:

- Pagbuo ng tiwala na may paggalang
- Aktibong pakikinig
- Pagbibigay ng motibasyon sa team
- Etikal na paglutas ng problema

Empleyado

- Makipag-ugnayan sa pamunuan kapag may potensyal na panganib sa kaligtasan.
- Matuto pa tungkol sa kaligtasan para protektahan ang iyong sarili
- Tulungan ang mga kasamahan sa trabaho na isaprioridad ang kaligtasan.



Naniniwala ka bang ang iyong pamunuan ay handang magkaroon ng bukas na komunikasyon tungkol sa anumang alalahanin sa kaligtasan?



Piraso ng Tip sa Kaligtasan ng Dyanitor

Isang serye ng mga tip sa kalusugan at kaligtasan upang maiwasan ang mga pinsalang nauugnay-sa-trabaho sa dyanitor na industriya



Mga Sitwasyon sa Ligtas na Pamumuno

Makikita sa ibaba ang isang halimbawa kung paano maapektuhan ng komunikasyon ang kaligtasan ng manggagawa:

| Epektibong Ligtas ng Pamumuno | Hindi Mahusay na Ligtas na Pamumuno |
|---|--|
| <p>Si Carmen, na isang matagal nang empleyado ng kumpanya, ay may matatag na ugnayan sa kanyang supervisor. Nararamdaman niyang siya ay sinusupportahan at kumportable siya sa paghingi ng tulong.</p> <ul style="list-style-type: none"> Pang-araw-araw na gawain ni Carmen ang paglalampaso ng sahig. Nitong mga nakaraan, mas matindi niyang kinukuskos ang mga sahig dahil malapit nang masira ang mop. Nagsimulang sumakit ang likod ni Carmen. Hiniling niya sa kanyang supervisor na palitan ang mop. Naghintay si Carmen ng sagot at pinaalala niya ito sa sumunod na linggo sa trabaho. Naging tapa ang supervisor sa pagsasabi sa kanya na nakalimutan niya ito, at nakipag-usap kay Carmen, kung paano makakahanap ng ligtas na solusyon. Maingat na nakinig ang supervisor, nakipagtulungan sa paglutas kaagad ng isyu, at nakahanap ng bagong map na nagbibigay ng mas mahusay na kaligtasan.  | <p>Nahihirapan si Julio sa trabaho kapag hindi siya natutulungan ng kanyang supervisor sa paglutas ng kanyang problema sa kagamitan. Nagiging doble ang kanyang pagsisikap, hanggang sa malutas ang isyu.</p> <ul style="list-style-type: none"> Pang-araw-araw na gawain ni Julio ang paglalampaso ng sahig. Nitong mga nakaraan, mas matindi niyang kinukuskos ang mga sahig, kumpara sa karaniwan, dahil malapit nang masira ang mop. Nagsimulang sumakit ang likod ni Julio Patuloy nanaglalamposo si Julio, pero nananatiling marumi ang sahig. Nag-aalala siyang magreklamo ang mga customer. May pag-aalangan siyang nakipag-ugnayan sa kanyang supervisor para sa isang kapalit na mop. Pinagbantaan siya ng kanyang supervisor sa pamamagitan ng pagtatanong sa kanya ng "Gusto mo ba ng trabaho, o ayaw mo?" Natakot si Julio, at patuloy niyang nilampaso ang sahig, kahit masakit ang kanyang likod. Pinag-iisipan ni Julio ang pag-file ng claim, pero natatakot siyang mawalan ng trabaho kung gagawin niya ito.  |

Sa iyong opinyon, ano ang dapat ginawa ng supervisor (sa dalawang sitwasyon)?

Ang epektibong ligtas na pamumuno ay nangyayari sa isang kultura ng kaligtasan kung saan ang mga supervisor ay may kaalaman, dedikasyon, at mahusay na kasanasyon sa komunikasyon para sa kaligtasan, na bumubuo ng maayos na ugnayan. Sa ganitong kumpanya, kailangang magtrabaho ni Julio kahit may pinasala siya o sa stress dahil sa nararanasan niyang kawalan ng respeto at maling pagtrato.

Ang dedikasyon sa ligtas na pamumuno ay epektibo sa pagpapanatiling ligtas ng mga janitor sa Washington.